Paano Gumagana ang Pagkilala sa Lahat ng Nakasalamuha (Contact Tracing)?

Ang pagkilala sa lahat ng nakasalamuha (contact tracing) ay isang simple, kumpidensyal na proseso na ginagamit na ng mga kagawaran ng pampublikong kalusugan nang ilang dekada upang pabagalin ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit. Magagawa mo ang iyong bahagi sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang simpleng mga katanungan.

- Mahalaga na ikaw ay sumagot kung makakatanggap ka ng tawag o mensahe sa text (text message) mula sa Pampublikong Kalusugan. Ang tawag sa telepono ay lalabas isa iyong telepono bilang "LA PublicHealth" o 1-(833) 641-0305. Ikaw ay tatanungin tungkol sa iyong kalusugan at mga lugar na pinuntahan mo.
- Kung makakatanggap ka ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County at wala pang panayam sa pagkilala sa lahat ng nakasalamuha (contact tracing), dapat mong tawagan ang numero na nasa Utos sa loob ng 24 na oras.
- Ang pakikipag-usap sa mga kawani ng pampublikong kalusugan ay kumpidensyal. Nangangahulugan ito na anumang impormasyon na iyong ibinahagi ay pananatilihing pribado.
- Sasagutin ng mga kawani ng Pampublikong Kalusugan ang anumang katanungan na maaaring mayroon ka at magbabahagi rin ng mga nakakatulong na mapagkukunan tulad ng paano kumuha ng pagsusuri sa COVID-19, pinakamainam na oras para kumuha ng bakuna sa COVID-19, o tulong sa paghahanap ng doktor.

Kung ikaw ay nasuring positibo sa COVID-19

Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Tungkol sa mga lugar na pinuntahan mo.
2. Mga taong nakasama mo habang ikaw ay nakakahawa

- Makakatanggap ka ng tawag sa telepono o mensahe sa text (text message) mula sa Pampublikong Kalusugan upang kumpletuhin ang panayam. Sagutin ang telepono kapag ikaw ay tinawagan at/o kumpletuhin ang panayam na survey online pagkatapos mong tumanggap ng mensahe sa text (text message).
- Ang mga sinabi mong tao sa Pampublikong Kalusugan ay kokontakin ngunit hindi sasabihin ang iyong pangalan, impormasyon ng kontak, o na ikaw ay may COVID-19. Hindi sasabihin sa kanila ang anumang bagay tungkol sa iyo, tanging iyong lamang na sila ay nalantad sa COVID-19.

Upang malaman pa ang mas marami, tingnan ang *mga Tagubilin sa Pagbubukod*

- I-scan ang QR na kodigo (code), o
- Bisitahin ang **ph.lacounty.gov/covidisolation**.

Kung ikaw ay nakasalamuha ng taong may COVID-19

Itatanong ng Pampublikong Kalusugan:

1. Kung mayroon kang anumang mga sintomas ng COVID-19 o kung ikaw ay nasuri na.
2. Tungkol sa mga lugar na pinuntahan mo.

- Upang maiwasan na mapagkamalan ka para sa isa pang tao, mangyaring ibigay ang iyong kumpleto at tamang impormasyon.
- Maaaring tawagan ka ng Pampublikong Kalusugan nang higit sa isang beses upang ikaw ay kamustahin.
- Magbibigay sila sa iyo ng impormasyon ng mga susunod na hakbang batay sa iyong mga sagot.

Upang malaman pa ang mas marami, tingnan ang *Mga Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha*

- I-scan ang QR na kodigo (code), o
- Bisitahin ang **ph.lacounty.gov/covidcontacts**.

County of Los Angeles Public Health

ph.lacounty.gov/Coronavirus
(Tagalog)

4-29-22